## May mga serbisyong magagamit bago matugunan ang iyong deductible

Lahat ng mga plano ay magbabayad para sa pang-iwas na pangangalaga bago pa man matugunan ang iyong deductible.

Ang mga plano ng Cascade Care ay nagbabayad para sa higit pang mga serbisyo bago matugunan ang iyong deductible. Kasama sa mga serbisyong ito ang:

- Pang-iwas na pangangalaga
- Pagbisita sa doktor ng pangunahing pangangalaga upang gamutin ang sakit o pinsala
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Mga generic na reseta
- Apurahang pangangalaga, kung nangangailangan kaagad ng pangangalaga ngunit hindi emerdyensi gaya ng atake sa puso.

# Paano ako magpapalista?

## Tumawag sa

1-855-4633
TTY/TDD: 1-855-627-9604
Oras: 7:30 AM hanggang 5:30 PM

*May tulong na makukuha sa mahigit na 200 na mga wika.*

## Makipag-ugnayan

Makipagkita sa isang pinagkakatiwalaang tauhan sa inyong komunidad.

Humanap ng tumutulong o broker sa pangangalaga sa kalusugan na tutulong sa iyo sa online sa *wahealthplanfinder.org*. I-click ang Get Support button.

## Bumisita sa

I-scan ang QR code
Bisitahin ang webpage sa: *wahealthplanfinder.org*

# Ang Segurong Pangkalusugan ay BUKAS sa Lahat!

Ang lahat na nakatira sa estado ng Washington ay maaaring bumili ng segurong pangkalusugan at pang-ngipin sa pamamagitan ng *Washington Healthplanfinder.*



**Welcome ang lahat sa imigrasyon anuman ang katayuan!**

**Ang programang ito ay para sa lahat, anumang dokumentasyon ang hawak.**

## Mahalaga sa amin ang iyong kaligtasan:

- Ang pagkuha ng segurong pangkalusugan ay hindi makaka-epekto sa iyong katayuan sa imigrasyon o aplikasyon sa pagkamamamayan, ng iyong pamilya, o sinumang kasama mo.
- Ang iyong personal na impormasyon ay hindi gagamitin sa pagpapatupad ng imigrasyon.
- Ang impormasyon tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon ay gagamitin lamang kung anong mga plano ng segurong pangkalusugan ang karapat-dapat mong bilhin.

washington healthplanfinder
click. compare. covered.

## Ano ang segurong pangkalusugan?

Ang segurong pangkalusugan ay isang kasunduan sa isang kompanya ng seguro. Ang kompanyang ito ay pumapayag na bayaran ang bahagi o kabuuang halaga sa pagpapagamot kapalit ng iyong buwanang bayad (premium).

## Bakit kailangan ng segurong pangkalusugan?

Ang segurong pangkalusugan ay tumutulong sa pagbayad ng pangangalaga sa kalusugan kung nais mong manatiling malusog o gamitinito kung may sakit ka.

## Magkano ito?

Ang halaga ng pagbili ng segurong pangkalusugan ay depende sa mga bagay tulad ng kita, laki ng pamilya, at saan kayo nakatira.

Maaaring kwalipikado ka sa Cascade Care Savings, ibig sabihin na ang estado ang magbabayad ng bahagi ng iyong segurong pangkalusugan. Kung kwalipikado ka, ang halaga ng inyong babayaran para sa segurong pangkalusugan ay mas mababa.

## Paano gumagana ang segurong pangkalusugan?

Magbabayad ka ng buwan sa seguro kung sakaling kailanganin mo ng pangangalaga sa kalusugan. At kung kailanganin mo ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, sisingilin ka sa mga serbisyong ito na may diskwento.

## Mga Tuntunin sa Segurong Pangkalusugan

### Premium

Ang bawat miyembro ay may buwanang babayaran na tinatawag na premium. Ang halaga ng iyong premium ay depende sa plano ng iyong segurong pangkalusugan.

### Deductible

Ang iyong segurong pangkalusugan ay magsisimulang tumulong sa pagbayad ng gastusin pagkatapos mong “matugunan ang halaga ng deductible”. Ang lahat ng plano ay magbabayad ng ilang bagay, tulad ng pagsusuri sa kalusugan, bago pa man matugunan ang deductible.

### Co-pay at Coinsurance

Ito ang mga halaga na inong babayaran kapag nagpunta ka sa doktor. Ang iyong co-pay ay nakapirming halaga ($1-$50). Ang iyong co-insurance ay porsiyento ng halaga ng serbisyo. Ang iyong plano ng segurong pangkalusugan ang magbabayad ng natitirang bahagi ng iyong pagbisita.

## Mga Halimbawa ng Bayarin sa Medikal

Ikaw ay nagkasakit at nagangailangan ng medikal na pangangalaga. Ang iyong bayarin sa medikal ay $10,000.

Wala kang segurong pangkalusugan.
***Ang kabuuang halaga na iyong babayaran (mula sa iyong bulsa): $10,000***

Kung may seguro ay mas mababa ang iyong babayaran.

Babayaran ng seguro: $7,960
***Kabuuang halaga na inyong babayaran (mula sa iyong bulsa): $2,040***

- *Deductible: $2,000*
- *Copay: $40*

## Ano ang mga pagpipilian sa plano ng segurong pangkalusugan?

Mayroong tatlong antas ng mga plano ng segurong pangkalusugan na pagpipilian sa pamamagitan ng *Washington Healthplanfinder*: Bronze, Silver, at Gold.

Ang halaga na babayaran ng iyong kompanya ng segurong pangkalusugan ay depende sa antas na iyong pipiliin. Ang Bronze plan ay magbabayad ng 60%, ang Silver plan ay magbabayad ng 70%, at ang Gold plan ay magbabayad ng mahigit-kumulang 80% ng iyong bayarin samedikal.

**Bronze:** Ang planong ito ay mas mura bawat buwan ngunit mababa ang babayarang halaga kapag kailangan mo ng pangangalaga.

**Silver:** Sinasaklaw ng mga planong ito ang higit pa sa iyong mga gastos kapag kailangan mo ng pangangalaga ngunit maaaring mas mahal. Kung ikaw ay kwalipikado sa Cascade Care Savings ang mga plano ito ay mas mura kaysa sa Bronze plan.

**Gold:** Higit na malaki ang babayaran tuwing buwan sa mga planong ito ngunit mas malaki ang babayaran sa gastusin kapag kinakailangan mo ng pangangalaga. Kung kwalipikado ka sa Cascade Care Savings at nangangailangan ng maraming pangangalaga sa kalusugan ang mga planong ito ay mas nababagay.

## Hanapin ang logo ng Cascade Care!

Ang mga plano sa Cascade Care ay nag-aalok ng higit na halaga sa mas mababang gastos. Ibig sabihin, mas mabibigyan ka ng premium na pagbabayad kaysa sa dati!